# Gabay para sa disaster preparedness

## Terminolohiya

- **Emergency Medical Aid Station**
  Pagkatapos na pagkatapos ng sakuna, habang nasa hyper-acute period (72 oras matapos ang sakuna), itinatayo ang emergency medical aid station sa base na ospital para sa disaster relief at ang iba pang mga disaster base na ospital na emergency medical rescue centers ay itatayo upang magbigay ng triage at paggamot sa mga pasyenteng may hindi malulubhang kalagayan.
- **Disaster Supply Storage**
  Bodega na imbakan ng mga kagamitang nagmula sa mga earthquake relief center na hindi kaagad magagamit pagkatapos ng sakuna.
- **Mga Istasyon ng Tubig**
  Sa panahon ng sakuna, kinakailangan ang mga lugar na magsusuplay ng maiinom na tubig at maghahanda ng mga polyethylene na tangke, mga water pack atbp.
- **Mga Malawak na Evacuation Site / Pansamantalang Evacuation Site**
  Lugar na pansamantalang malilikasan para maprotektahan ang sarili mula sa malaking sunog, lalo na sa panahon ng lindol.
- **Main Rescue Team (Regional Community Center)**
  Mga fire prevention center sa bawat rehiyon. Nangongolekta rin sila ng mga impormasyong galing sa iba't-ibang mga lugar, at nagbibigay ng impormasyon sa Disaster Countermeasures Headquarters at bawat earthquake relief center.Nagsisilbi rin itong lugar para sa pamimigay ng mga Disaster Certificate.
- **Pansamantalang tirahan para sa mga taong hirap na makauwi sa kanilang tahanan (Regional Community Center)**
  Isang pasilidad na pansamantalang tumatanggap ng mga taong na-stranded sa mga istasyon, o nahihirapang umuwi dahil sa sakuna sa labas, at pati na rin sa mga taong walang masilungan hanggang sila ay makauwi.
- **Pangalawang Relief Center (Regional Community Center)**
  Para sa mga nahihirapan sa pamumuhay sa mga relief center para sa lindol, ang lungsod ay magbubukas ng pasilidad upang magbigay serbisyo sa pagtulong at pagsagip matapos isaalang-alang ang sitwasyon sa paglilikas.
- **Disaster bathing cooperative facilitie**
  Isang pasilidad na nagbibigay ng mga pagkakataon para sa paligo, at tubig para sa pang-araw-araw na paggamit sa oras ng sakuna.

## Paghahanda sa Nakatakdang Araw

- Nararapat na kumpirmahin ng bawat pamilya ang mga pamamaraan ng pagsangguni, at siyasating mabuti ang mga relief center para sa lindol at mga malalawak na evacuation site sa mapa.
- Gumawa ng portable na evacuation card na naglalaman ng iyong pangalan, tirahan, kaarawan, blood type, mga kasalukuyang karamdaman, evacuation site na tatawagan, message dial, at iba pa na maaari mong gamitin sa panahon ng sakuna.
- Gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang pagtaob, pagkahulog, o paggalaw ng mga furniture.
  (Gaya ng TV, ref, atbp.)
- Maghanda ng mga fire extinguisher at fire alarm sakaling may sunog.
- Magsagawa ng mga pag-iwas sa mga basag na salamin.
- Iwasan ang paglalagay ng mga kagamitang maaaring mahulog mula sa matataas na lugar.
- Mag-imbak ng pagkain at tubig na sasapat sa tatlong araw para sa iyong pamilya.
  (Humigit-kumulang 3 litro ng tubig ang kailangan ng 1 tao sa 1 araw)
- Maghanda ng mga gamit pang-emergency.

**Mga probisyon para sa emergency.**




- Ang lungsod ay nagsisilbing ahenteng tagapamagitan para sa mga emergency supply.
  Katanungan ▶ Disaster Prevention Division
- Mahalaga na gawing ligtas ang mga pamamahay mula sa mga lindol sa pamamagitan ng pagsasagawa ng seismic evaluation.
  Ang lungsod ay may sistema ng pag-aayuda para mabayaran ang pagsasagawa ng seismeic diagnosis at pagkukumpuni.
  Katanungan ▶ Tagapamahala ng Seismic Retrofitting, Architecture Division

## Paraan ng Paglikas

- Kapag may malaking lindol at kinakailangan ang paglikas.

### Ang Huling Paraan ay ang Paglikas

May dalawang sitwasyon kung saan kinakailangan ang paglikas.
Ang pagliligtas ng buhay at pag-apula sa apoy ang pangunahing layunin. Ang paglikas ay gagawin lamang sa huli.

- Kung ikaw ay hindi makakauwi sa iyong bahay dahil ito ay gumuho o nasunog, ikaw ay ililikas patungo sa **earthquake relief center**.
  Ang lahat ng mga paaralang elementarya at junior high school ay makakatanggap ng mga kinakailangang kagamitan para sa relief and rescue, mga impormasyon sa sakuna, atbp.
- Kapag mayroong panganib ng pagkalat ng apoy sa inyong bahay, sa earthquake relief center, o sa buong komunidad o lungsod dahil sa malaking sunog, dapat kang lumikas sa mas **malawak na evacuation site**.
  Mayroong mga nakatakdang lugar na may sapat na espasiyo, gaya ng malalaking parke, mga unibersidad, at mga apartment complex.




## Mga Dapat Tandaan sa Paglikas



- Maghanda ng matibay na sapatos at magsuot ng damit na komportableng suotin.
- Kapag umalis ng bahay, patayin ang electric breaker at ang main gas valve.
- Hangga't maaari, lumikas bilang isang grupo sa ilalim ng patnubay ng pinuno ng disaster prevention committee, atbp.
- Ipasok sa kulungan ang mga alagang hayop at lumikas kasama nila.
  Magdala ng pagkain at mga kinakailangang kagamitan para sa iyong alagang hayop, dahil responsibilidad ng may-ari ang pag-aalaga sa kanila.
- Huwag gumamit ng bisikleta.

## Pagkolekta ng Impormasyon

- **Opisyal na website ng Suginami Ward**
  Makikita sa opisyal na website ng Suginami Ward ang tungkol sa sakuna, lagay ng panahon, itinayong evacuation centers, at iba pang mga impormasyon.
  https://www.city.suginami.tokyo.jp/

  Opisyal na website ng Suginami Ward

- **Disaster Prevention Administrative Radio Phone Answering Service**
  Maaari mong kumpirmahin ang nilalaman ng mga broadcast na nagmula sa ""Disaster Prevention Administrative Radio Tower"" gamit ang telepono.

  **[Paano Gamitin?]**
  Mangyaring tawagan ang mga sumusunod na numero ng telepono.
  ○Ito ay landline number na nagsisimula sa numerong "03".
  ⇒Maaaring tumawag sa 0120-170-100 gamit ang IP na telepono, cell phone, at PHS (toll-free)
  ○Maliban sa mga nabanggit na pamamaraan ng pagtawag (tawag mula sa ibang lungsod)
  ⇒03-5378-8221 (mayroong bayad)

  ※ Maaaring matingnan ang nilalaman ng broadcast hanggang 12 oras pagkatapos ng broadcast.

- **Disaster Prevention at Disaster Prevention Information Mail Delivery Service**
  Maaaring makuha ang mga impormasyon na ibinrodkast ng ""Disaster Prevention Administrative Radio Tower"" na naka-install sa labas kagaya ng lagay ng panahon o pag-iwas sa krimen. Kinakailangang naka-rehistro ka muna bago magamit ang serbisyong ito.

  **[Impormasyong Ibo-broadkast]**
  - Impormasyon sa Lindol: Kapag may lindol na may seismic intensity na 3 o pataas sa may Suginami Ward
  - Impormasyon tungkol sa panahon: Kapag inihayag o kinansela ang malubhang babala/babala/payo na mag-ingat sa malakas na ulan o pagbaha, babala/payo na mag-ingat sa photochemical smog, malubhang babala/babala/payo na mag-ingat sa malakas na ulan ng niyebe, at payo na mag-ingat sa kidlat
  - Impormasyon sa pag-ulan: Kapag ang pag-ulan sa Suginami Ward ay aabot sa standard na value (10 milimetro o higit pa sa loob ng 10 minuto, o 50 milimetro o higit pa sa isang oras)
  - Impormasyon ng lebel ng tubig sa ilog: Kapag ang pagtaas ng lebel ng tubig sa mga ilog ng Myoshoji, Kanda at Zempukuji ay umabot na sa dangerous/warning na lebel
  - Landslide disaster alert: Kapag inihayag o ikinansela ang pahayag tungkol sa landslide disaster sa Suginami Ward
  - Iba pang mga impormasyong ibinrodkast mula sa Disaster Prevention Administrative Radio Tower kagaya ng emergency na paunawa o pag-iwas sa krimen

  **[Paano Mag-register]**
  ① Magpadala ng blangkong email (walang kahit anong nakasulat) o anumang email sa **t-suginami@sg-p.jp** mula sa smartphone, tablet, o computer kung saan mo gustong makatanggap ng mga email.
  ② I-click ang URL sa matatanggap na email.
  ③ Sundin ang instruction sa registration screen, piliin ang mga impormasyong gustong matanggap, ay i-click ang ""register"" na button.
  ※ Kapag isa-scan ang QR Code para sa registration, lalabas ang screen upang magpadala ng email.

  QR Code Para sa Registration

## Paraan ng Paggamit ng Disaster Message Board (171)

**Paano Gamitin?**
I-dial ang "171" at sundin ang gabay sa pagrehistro at pag-play ng message.
**Ang mga mensahe ay naka-record at maaaring i-replay gamit ang numero ng telepono ng nasalantang lugar.**
Hindi magagamit ang serbisyong ito sa normal na panahon.
Kapag ito ay maaaring gamitin sa panahon ng sakuna, iuulat ito sa mga TV o radyo.

I-dial ang 1 7 1
Ipe-play ang guide

| Walang PIN | Use PIN number |
|---|---|
| 1 I-record | 3 I-record |
| 2 I-replay | 4 I-replay |

Ipe-play ang guide

*Kung gagamit ng PIN, kailangang pindutin ang PIN para i-replay ito.

I-dial ang numero ng telepono ng taong nais mong tawagan na kasalukuyang naroon sa nasalantang lugar (simulan sa area code ang pag-dial kung tumatawag mula sa isang landline).
X X X — X X X — X X X X

Sundin ang guide sa pag-record at pag-replay ng mga message.

- Walang bayad ang mga tawag mula sa NTT East at West.(*1)
- Ang haba ng oras para sa pag-record ng bawat message ay 30 segundo.
- Ang message ay maaaring i-save hanggang matapos ang serbisyo.
  *Awtomatikong mabubura ang mga message kapag lumagpas na ito sa nakatakdang panahon ng pag-save.
- Maaaring irehistro ang mga numero ng telepono gaya ng landline, IP na telepono (kabilang ang 050), cell phone, at PHS.
- Maaari itong i-link sa Disaster Message Board(*2)
  ・Ang mga message na nakarehistro sa 171 ay maaaring i-replay bilang audio file sa web171.
  ・Ang mga message na nakarehistro sa web171 ay maaaring i-convert sa voice at i-play sa 171.

*1 Libre ang tawag kapag magre-record/replay ng mga message mula sa NTT East/NTT West na mga telepono. Mangyaring makipag-ugnayan sa bawat service provider tungkol sa bayarin para sa mga tawag mula sa telepono, cellphone, at PHS ng ibang service provider.
*2 May bayad ang paggamit ng internet at mga tawag.

- **Para sa karagdagang detalye, bisitahin ang website ng NTT East.**
  https://www.ntt-east.co.jp/saigai/index.html
  Impormasyon sa Disaster Message Dial (171) at Disaster Message Board (web171)

**Maaari itong subukang gamitin tuwing ika-1 at ika-15 ng bawat buwan.**

171 every month 1st every month 15th

Nagsasagawa ng trial use para magamit mo ito nang maayos kapag may nangyaring sakuna.
Subukan ninyo ring gamitin ito.
○ Unang tatlong araw ng bagong taon (Enero 1 hanggang Enero 3).
○ Disaster Prevention at Kagawian sa Pagboluntaryo (Enero 15 hanggang Enero 21)
○ Disaster Prevention Week (Agosto 30 hanggang Setyembre 5)

*Maaaring hindi magamit ang trial use kung sakaling magkaroon ng sakuna.